Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**SANGAY NG MGA PAARALAN SA BULACAN**

Hulyo 31, 2025

To: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
at iba pang kinauukulan

Kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Singkaban Festival, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) ay magsasagawa ng "Henyo Bulakenyo: Bayaning Bulakenyo Quiz Bee" at "Tayo na Para sa Pamana: Mini-Vlog-making Contest" sa Agosto 19, 2025, mula 8:00 nu hanggang 5:00 nh sa Mall Atrium ng SM Center Pulilan, Sto. Cristo, Pulilan Bulacan.

Bilang suporta at pagtalima, magkakaroon ng eliminasyon upang matukoy ang mga kinatawan ng bawat EDDIS para sa isasagawang Quiz Bee para sa mga paaralang elementarya. Kalahok dito ang mga opisyal na kinatawang mag-aaral ng bawat distrito kasama ang kanilang mga tagapagsanay. Ito ay isasagawa sa Plaridel Central School, sa ika-8 ng Agosto, 2025, ganap na ika-9:00 nu hanggang ika-12:00 nt.

Para naman sa Mini-Vlog Making Contest, ipapaalam na lamang sa mga opisyal na magiging kinatawan ng bawat EDDIS ang resulta ng eliminasyon. Ang mga mapipili ang siya namang dadalo sa pagpaparangal sa mga nagwagi.


Kalakip ng liham na ito ang liham-paanyaya mula PHACTO at ang mga magsisilbing tagapangasiwa, tagapagdaloy at hurado sa nasabing gawain. Inaasahan na ang mga gampanin ng mga gurong dadalo mula sa paaralan ay maaayos na naiplano ng mga namamahala sa paaralan habang sila ay nasa gawain. Ang liham ding ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 66, s. 2025

**Address:** Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
**Website:** https://bulacandeped.com
**Email:** bulacan@deped.gov.ph



REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

18 Hulyo 2025

**DR. NORMA P. ESTEBAN**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
DepEd – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensiyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

Mahal na **Doktor Esteban:**

PAKSA: Paanyaya para sa paglahok ng mga mag-aaral sa "Henyo Bulakenyo: Bayaning Bulakenyo Quiz Bee" at "Tayô na Para sa Pamana: Mini Vlog-making Contest" kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Singkaban Festival 2025.

Pagbati sa ngalan ng kasaysayan at pamana ng Bulacan!

Kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Singkaban Festival, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan po ng aming tanggapan ay nakatakdang isagawa ang mga patimpalak na **"Henyo Bulakenyo: Bayaning Bulakenyo Quiz Bee"** at **"Tayô na Para sa Pamana: Mini Vlog-making Contest"**. Ang mismong *quiz bee* at pagpaparangal sa mga nagwagi sa parehong patimpalak ay isasagawa sa Mall Atrium ng SM Center Pulilan, Sto. Cristo, Pulilan, Bulacan sa **19 Agosto 2025**. Kalakip po ng liham na ito ang *Official Guidelines* ng dalawang patimpalak at ang *Registration forms* para sa inyong patnubay.

Lubos po kaming umaasa sa inyong positibong pagtugon tungkol sa aming kahilingan. Makikipag-ugnayan po sa inyong tanggapan si G. John Louie B. Esguerra o maaari n'yo rin siyang makaugnayan sa numerong 09275015038 para sa ilang paglilinaw at katanungan.

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**MAY ARLENE DG. TORRES**
Nanunungkulang Puno

GOB. DANIEL R. FERNANDO
BISE GOB. ALEX C. CASTRO

NEW GENERATION OF PUBLIC SERVANTS

Mga Tagapangasiwa, Tagapagdaloy at Hurado:

| Pangalan | Posisyon | Paaralan/Opisina |
|---|---|---|
| Virgilio L. Laggui, PhD | Education Program Supervisor | SDO Bulacan |
| Revelyn L. Maniego, EdD | Principal IV | Pulilan CS |
| Lawrence A. dela Cruz | Assistant Principal II | AFG Bernardino MTS |
| John Revin V. De Jesus | Assistant Principal II | Bajet-Castillo HS |
| Mary Grace C. Bernardo, PhD | Master Teacher I | FC Lipana NHS |
| Reysielyne S. Espino | Teacher III | Dampol 2nd NHS |
| Anna Lee L. Maniego | Teacher I | Pulilan CS |